Republic of the Philippines
Department of Education
Region XII
Schools Division Office of Tacurong City

Agosto 6, 2025

**DIVISION MEMORANDUM**
CID-2025- 105

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2025**

Para sa mga: **Katuwang ng Pansangay na Tagapamanihala**
**Hepe ng Kurikulum/ Pampaaralang Pamamahala**
**Pinunò ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan**
Sangay ng Lungsod ng Tacurong

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Lungsod ng Tacurong, sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto, ay Nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2025 na may temang " **Paglinang sa Filipino at katutubong Wika: Makasaysayan sa pagkakaisa ng Bansa",** alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyan Bilang 1041, s. 1997 at sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

2. Layunin ng pagidirwang ng Buwan ng Wika ang sumusunod:

a. Ganap na maipapatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;

b. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;

c. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pmamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at

d. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Samatala, narito ang mga sumusunod na Lingguhang Tema para sa isang buwang pagdiriwang:

| PETSA | TEMA |
|---|---|
| 3-9 Agosto | Gampanin ng Filipino Sign Language (FSL) sa pagbabago ng Klima |
| 10-16 Agosto | Wikang Pangkasarian |
| 17-23 Agosto | Ang Pangangalaga sa Katutubong Wika at Kaalaman bilang Pangangalaa sa Kalikasan |
| 24-30 | Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag |

**Address:** Alunan Highway, Poblacion, Tacurong City 9800
**Telephone Numbers:** (064)-562-4880; 0919-065-6425
**Email:** tacurong.city@deped.gov.ph
**Website**: depedtacurong.org

4. Kaugnay nito, ihahanay bilang bahagi ng gawain sa asembleya (Monday Convocation) ng sa mga Paaralan ng Sangay ng Lungsod ng Tacurong sa ilalim ng Pamunuan ng Kurikulum ang mga adbokasiya at gawain na may kaugnayan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025.

5. Sa pagsasagawa ng mga nabanggit na gawain, dapat tiyakin ang pagtalima sa DepEd Order (DO) No.9 s. 2005 (Institute Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith) na hindi ito makaaabala ng regular na klase. Gayundin tiyakin ang pagsunod sa mga tuntuning isinaad sa DO 66, s. 2017 ( Implementing Guidelines on the Conduct of Off-Campus Activities) kaugnay sa pagsasagawa ng mga Off-Campus Activity.

6. Inaanyayahan ang bawat Functional Division na makilahok sa iba't ibang gawain sa Pampinid na Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2025 sa Agosto 29, 2025, lahat ng mga kasapi ay inaasahang magsuot ng kasuutang Pilipino bilang pagpapahalaga sa ating kultura at pagkakilanlan.

7. Narito ang mga mungkahing gawain na itatampok sa Pampinid na Palatuntunan;

a. Pangkatang Awit –(OPM)
b. Pagsasaling Wika
c. Lutong Pinoy (Ulam at linupak na saging)
d. Pinakamagandang Kasuotan

8. Ang Kurikulum Dibisyon sa Pamumuno ng Hepe ng Kurikulum katuwang ang tagapag-ugnay sa Filipino ang mangangasiwa sa mga gawain at siyang mamimili ng mga hurado sa paligsahan at maghanda ng pabuya sa unang tatlong pangkat na makakakuha ng pinakamataas na puntos.

9. Para sa mga karagdagang detalye, maaaring makipag-unayan kay Gng. Mary Ann C. Umadhay, Pansangay na Tagamasid sa Filipino.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**GILDO G. MOSQUEDA, CEO VI**
Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng sinasaad
Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 038 s. 2024
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
BASIC EDUCATION CELEBRATION AND FESTIVAL CURRICULUM LANGUAGE

*MACU/ CID/ DM/ Buwan ng Wikang Pambansa 2025/ Agosto 6, 2025*


**Address:** Alunan Highway, Poblacion, Tacurong City 9800
**Telephone Numbers:** (064)-562-4880; 0919-065-6425
**Email:** tacurong.city@deped.gov.ph
**Website:** depedtacurong.org

(Kalakip mula sa Division Memorandum CID-2025-105)

| Linggo at tema | Antas at mga Gawain | | | |
|---|---|---|---|---|
| | K-3 | Baitang 4-6 | Baitang 7-10 | Baitang 11-12 |
| **3–9 Agosto** | Pagtitipon ng mga salita hinggil sa panahon, klima, at kaugnay na paksa (Halimbawa:Maulan, Maaraw, Makulimlim, at iba pa) na isesenyas sa Filipino Sign Language (FSL) bílang pagpapakilala ng FSL bilang ingklusibo sa pamayanan. | | Pagdaraos ng mga online forum at talakayan hinggil sa kahalagahan ng Filipino Sign Language (FSL) sa Pagbabago ng Klima. | |
| **10–16 Agosto** | | • Pagbabása ng mga kuwentong pambata na nagbibigay paalala na pangalagaan ang kanilang katawan. | • Timpalak sa pagsulat ng mga tula, kuwento o rap hinggil sa wikang pangkasarian.<br>• Paglilista/Pananaliksik hinggil sa mga terminong pangkasarian. | |
| **17–23 Agosto** | | • Pagbabása ng mga kuwentong pambata hinggil sa Pangangalaga sa Katutubong Wika.<br>• Pagsulat ng mga katutubong termino hinggil Kalikasan.<br>• Pagbabása ng mga kuwentong pambata hinggil sa Pangangalaga sa Kalikasan. | • Pagsulat ng sanaysay hinggil sa Pangangalaga sa Katutubong Wika.<br>• Pagsasaliksik at pagbabahagi hinggil sa mga katutubong Kaalaman bílang Pangangalaga sa Kalikasan. | |

**Address:** Alunan Highway, Poblacion, Tacurong City 9800
**Telephone Numbers:** (064)-562-4880; 0919-065-6425
**Email:** tacurong.city@deped.gov.ph
**Website**: depedtacurong.org

| | | | |
|---|---|---|---|
| **24–30 Agosto** | | • Pagbabása ng mga kuwentong pambata hinggil sa Kalayaan. | • Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag.<br>• Paglikha ng awit hinggil sa paksa na Filipino at Wikang Katutubo: Wika ng Malayang Pamamahayag.<br>• Online forum/Seminar hinggil sa Malayang Pamamahayag.<br>. |


**Address:** Alunan Highway, Poblacion, Tacurong City 9800
**Telephone Numbers:** (064)-562-4880; 0919-065-6425
**Email:** tacurong.city@deped.gov.ph
**Website**: depedtacurong.org